

1

Hindi pa rin makapaniwala si Clifford. Kahit ilang ulit na nilang pinagsaluhan ni Tanya ang mainit na tagpong gaya niyon; kahit ngayong pinagpapasasaan niya ang matamis nitong mga labi at bilanggo ng matitipuno niyang bisig ang mala-diyosa nitong katawan ay hindi pa rin siya makapaniwala na naangkinin niya nang ganoon ang babaeng naging object of his fantasies magmula pa nang unang araw na nakilala niya ito.

“I love you so much,” bulong niya sa pagitan ng maaalab na pagsimsim sa mga labi ng dalaga.

“I love you, too,” ganting bulong nito.

Nang minsan pa ay dumako ang isang kamay niya sa maumbok na bahagi ng dibdib ng kaniig ay iniibas nito ang sarili. Ang mga brasong nakayapos sa kanya ay kinalas saka kumawala mula sa kanyang pagkakayakap.

Disappointed man ay pinakawalan niya ito. Magdamag na nga naman silang magkapiling sa kama.

Isinandal ni Tanya ang hubad pang katawan sa

headboard ng kama matapos dukwangin ang kaha ng sigarilyo at lighter sa ibabaw ng bedside table.

“Kailan mo nga pala sisimulan ’yung ipinapagawa ko sa iyo?” tanong nito.

“Alin?” paungol na balik niya kasabay ng paghikab.

“Yung tungkol kay Amanda Corporal.”

Gumalaw nang bahagya ang kilay ni Clifford. That was the second time he heard the name. The second time Tanya mentioned it to him. “Ano ba’ng gusto mong gawin ko na may kinalaman sa taong iyon?”

Kumunot ang noo ng babae, tumigil sa akmang pagsisindi ng sigarilyo na hinugot mula sa kaha. “I have already told you that, haven’t I? Huwag mong sabihin na binale-wala mo ’yon.”

“I thought you were not serious.”

“Not serious? Sasabihin ko ba sa iyo ang isang bagay kung hindi ako seryoso?” Itinuloy nito ang pagsisindi ng sigarilyo. Wala itong pakialam kung air-conditioned ang silid na kinaroroonan nila. “I can’t believe you took it for granted,” kapagkuwa’y sabi ni Tanya. “Gusto mo ba talaga akong pakasalan?”

“Of course,” mabilis niyang sagot.

“Then, gawin mo’ng iniuutos ko sa iyo. Ligawan mo si Amanda Corporal. Make her fall in love with you and when she’s already madly in love with you, dump her!” diin nito.

Ibinangon ni Clifford ang upper body niya. “Hindi ko maintindihan kung bakit kailangan mong ipagawa sa ’kin ’yan bago mo ’ko pakasalan. Pananakit ’yan sa damdamin ng isang tao. It doesn’t make any sense.”

“Maraming kasalanan sa akin ang babaeng iyon at gusto kong makaganti sa kanya.”

“Honey, anuman ang ginawa niya sa iyo, hindi mo na kailangang gumanti. Kung nasaktan ka man niya before, hindi na ’yon mauulit. I’m here to protect you.” Sinikap niyang ibalik ang lambing sa boses, pero hindi iyon umubra kay Tanya. Bumaba ito ng kama. Dumaos sa makinis nitong katawan ang kumot kaya nahantad na naman sa paningin niya ang kahubaran nito. Pero sandali lang iyon dahil kaagad din itong nagsuot ng roba.

“I don’t need your protection, Clifford,” patuloy nito. “Ang gusto ko ay maturuan ng leksyon ang babaeng iyon. I want to put her at the place where she belongs and get rid of her once and for all.”

“At ako talaga ang kailangang gumawa n’un?”

“Kung ayaw mo, hindi naman kita pipilitin.”
Naghalukipkip ito. “Marami pa namang puwedeng gumawa niyon para sa akin.”

Hindi nalingid sa lalaki ang bahid ng pagbabanta sa statement na iyon ni Tanya. Kahit tinanggap na nito ang marriage proposal niya, alam niya na puwede itong umatras sa oras na mawalan ito ng gana.

At hindi puwedeng mangyari iyon! Desidido siyang pakasalan ito whatever the cost may be, hindi lang dahil mahal niya ito. Marrying Tanya Nadal would be like killing two birds with one stone. Mapapasakanya na ang babaeng pinantasya magmula pa lang nang unang araw na nakilala niya, maisasalba pa niya—sa pamamagitan nito—ang kanilang kabuhayan.

Solong anak at nag-iisang tagapagmana si Tanya ni Manuel Nadal, ang pamosong may-ari ng pinakamakabagong shipping company sa Pilipinas, ang *Nadal Navigation*. Kapag naging son-in-law siya ni Manuel, tiyak na tutulungan siya nito na maiahon ang papalubog na kompanya ng kanilang pamilya, ang *Casas Cruise Lines*.

Casas Cruise Lines was once the pride of cruising

business in the country. That was when Milton Casas, Clifford's dad was still alive. Nang bigla itong mamatay sa isang aksidente, napunta ang pamamahala sa kompanya sa third-degree cousin niyang si Lemuel. Mas beterano ito kaysa sa kanya kaya ini-assume ng mommy niya na mas mapapatakbo nito nang maayos ang kompanya.

Pero sa kamay ni Lemuel ay unti-unting lumubog ang byahe ng kanilang mga barko. Mabuti na lang at nadiskubre kaagad niya ang mga anomalyang ginawa nito. Nai-expose niya iyon at napaalis ito sa kompanya. But the damage had been done.

Ngayon ay nangangailangan sila ng malaking pondo mula sa isa o higit pang bigating investor para makabawi. Unfortunately ay walang sumusugal sa kanilang kompanya dahil na rin sa naging masamang imahe niyon nang nakaraang mga panahon.

Kaya ang pagkakakilala niya kay Tanya ay itinuturing niyang isang malaking blessing. Nakipagsabayan siya sa marami nitong manliligaw at gamit ang kanyang irresistible na kaguwapuhan at oozing sex appeal ay siya naman ang pinalad na nagwagi.

“Honey, bakit kasi—”

“I don’t want to hear any more questions from you, Clifford,” kaagad na harang ni Tanya sa gustong sabihin ng lalaki. “Ako ang magtatanong sa iyo. Gusto mo ba talagang matuloy ang kasal natin o hindi?”

“Siyempre, gusto ko.”

“Then, bakit ayaw mo ’kong pagbigyan? Ito lang ang nag-iisang gusto kong mangyari, ang makaganti kay Amanda Corporal bago ako... maging isang plain housewife. ”Tapos ayaw mo pang gawin para sa akin? Simpleng-simple lang naman ’yon, ah. At kayangkaya mo. I’m sure, konting bola lang ay mai-in love na sa iyo ang tangang babaeng iyon.”

Napangiwi siya nang bahagya. Simple lang ba ang manakit ng damdamin ng isang tao? Napabuntong-hininga at napailing na lang si Clifford.

“All right,” aniya mayamaya. “Isang tanong na lang. Isang-isa na lang talaga.”

Umirap ito. “What?”

“Just who really is Amanda Corporal?”

“Amanda!”

Matinis ang boses ni Clemencia na sumisigaw

sa ibaba ng staircase at nakatingala sa second floor ng kanilang bahay. Nasa magkabilang baywang nito ang parehong mga kamay.

May sumagot mula sa isa sa tatlong kuwarto sa itaas. “Ma, ’andiyan na po!”

“Bilisan mo’t baka ma-late ka, unang araw mo pa naman sa trabaho. Alalahanin mong ikaw ang may gustong magtrabaho sa isang malaking kompanya sa halip na tulungan na lang ako sa negosyo natin. Parine na’t mag-almusal na tayo. May lakad din ako.”

“Opo!”

Nang makarinig ng nagmamadaling mga yabag sa itaas ay pumihit na ang middle-aged na babae pabalik sa kusina. Pero kaagad din itong napahinto nang mahagip ng paningin sa sulok ng mga mata ang pigura ng anak na sumungaw sa itaas ng hagdanan.

“Wow! Ang ganda!” namimilog ang matang bulalas nito habang nakatitig sa pababa nang si Amanda.

Na-excite ang twenty-five-year-old na dalaga. Ngayon lang niya ulit narinig na sinabi ng mama niya na maganda siya. Fact is, parang ngayon lang talaga nito sinabi iyon.

“Talaga, Ma?” Humagikgik siya. “Gusto ko talagang maging maganda sa unang araw ko sa trabaho para suwertehin naman ako ngayon. Puro kamalasan ang inabot ko sa mga nakaraan kong trabaho, eh.”

Hinawakan ni Clemencia ang balikat ng anak saka inayus-ayos ang sleeve ng blouse niya. “Ang ganda talaga. Saang ukay-ukay mo ito nabili, ha? Bibili rin ako.”

Nawala ang ngiti sa mga labi ni Amanda. Ang damit palang suot niya ang tinutukoy ng ina na maganda at hindi siya. Kung sa bagay, kailan ba naging totoo sa kanilang dalawa ang kasabihan na lahat ng anak ay maganda sa paningin ng ina?

“Hindi ko po ito nabili sa ukay-ukay.” Nagpatiuna na siya papuntang kusina. “Binili ko ’to sa mall kahapon. Branded po ito.”

“Sa mall? Eh, di mahal ’yan. Bakit bumili ka ng damit sa mall, eh, an’dami namang branded din sa ukay-ukay? Aba, wala ka pang trabaho, gastador ka na?”

“Mama, unang araw ko nga sa trabaho, di po ba? Gusto ko lang maging presentable.” Naupo siya sa mesa matapos magsalin ng kape sa tasa.

“O, siya.” Inabot nito ang isang plastic bag mula sa ibabaw ng refrigerator saka inilapag iyon sa harap niya. “Dalhin mo ito pagpasok mo.”

“Ano po ’yan?”

“Suman.”

“Suman?”

“Dalhin mo muna ’yan sa opisina ni Sir Manuel bago ka tumuloy sa opisina na pagtatrabahuhan mo. Pasasalamat ’ika mo natin ’yan sa pagtanggap niya sa iyo sa trabaho. Matutuwa siya kasi paborito niya ’yan.”

Tama ang kanyang mama, mahilig sa kakanin ang may-ari ng kompanyang pagtatrabahuhan niya ngayon. Alam niya iyon dahil ilang taon din silang tumira sa malaking bahay ni Manuel Nadal noong nasa high school pa lang siya at si Clemencia ay nanilbihan pa roon bilang labandera. Sa katunayan, ang lalaki pa nga ang nagpaaral sa kanya sa isang exclusive school noon at sa tulong din nito ay nakapasok si Amanda sa isang scholarship foundation na siyang sumuporta sa kanya hanggang sa college.

Dahil hindi nahirapan sa pagpapaaral sa kanya, madaling nakaalpas si Clemencia sa pagiging labandera. Nakapag-ipon ito at nakapagpatayo ng

sariling negosyo; ang *Amanda Wash*, isang laundry shop na may limang branches na sa iba't ibang panig ng Metro Manila.

“Alam ko po ’yon, ’Ma,” sabi niya. “Pero huwag n’yo naman iyang ipadala sa akin ng ganyan ang hitsura.”

“O, bakit? Ano’ng masama sa hitsura niyan?”

Umiiling na tumayo ang dalaga saka kinuha sa ibabaw ng refrigerator ang basket ng prutas na ang laman ay naubos na nila. Inilagay niya roon ang suman na ibinalot pa muna niya sa colored cellophane. “O, hayan. Eh, di mas maganda na. Hindi na nakakahiyang bitbitin at ibigay kay Sir Manuel, di po ba?”

“Pareho din naman.” Umingos si Clemencia saka iniba ang usapan. “Siyanga pala, n’un bang nag-apply ka sa *Nadal Navigation*, nagkita ba kayo ni Tanya sa opisina nila?”

“Hindi po. Nakailang balik din ako doon habang nag-a-apply pero hindi ko siya nakita.”

“Ano kaya’ng magiging reaksyon niya kapag nalaman niyang magtatrabaho ka na sa kompanya nila?”

Muling nabahiran ng excitement ang mukha niya. “Palagay ko alam na po niya ’yon. Siguradong sasabihin iyon sa kanya ni Sir Manuel. Alam ni Sir na magkaibigan kami ng anak niya, eh. Alam n’yo, Ma, mas gumanda pa ngayon si Tanya.”

“Paano mo nalaman, eh, hindi mo ’ika mo siya nakita doon?”

“Image model po siya ng kompanya nila. May malaki siyang tarpaulin sa labas ng building ng kompanya, at ang ganda-ganda talaga niya doon.”

Muling lumabi ang may-edad nang babae. Noon pa man ay alam na nitong hangang-hanga na ang anak sa anak ng kanilang dating amo. Maganda naman kasi talaga si Tanya at moderna. Malayung-malayo kung ikukumpara kay Amanda na namana na ang pagiging old-fashioned at conservative ng ina, likas pang hindi pansinin ang hitsura.

“Bakit may tarpaulin siya sa harap ng opisina nila? Ano siya, kumakandidato? O patay na?” ani Clemencia saka humigop ng kape.

“Mama, billboard po ’yon. Kayo talaga.” At napaingos ang dalaga.

Bumukas ang elevator sa seventh floor ng building na kinaroroonan ng opisina ng *Nadal Navigation*. Kasabay ng ibang tao ay nagmamadaling lumabas si Amanda saka halos patakbong binaybay ang pasilyong papunta sa opisina ng chairman ng kompanya.

Seven minutes before eight o'clock, ayon sa wall clock na nasulyapan niya sa isang panig ng hallway. Dapat eksaktong alas ocho ay makapag-report na siya sa kanyang magiging direct superior, ang head ng Finance Department.

Pagkakita sa oras ay lalo niyang binilisan ang lakad. Ni hindi siya nagmenor nang lumiko siya sa pinakahuling pasilyo na ang dulo ay siyang opisina na pupuntahan niya. Kaya nakita man niya ang tao na bigla ring sumungaw roon ay hindi na niya iyon naiwasan. Malakas na bumangga rito ang kanyang katawan.

Napatili ang dalaga, kasunod ay ang tila slow motion na pagsalampak niya sa tiled floor. Nasaktan ang kanyang puwitan kaya napapikit siya. “Aray naman. Ano ba ’yon?”

“Miss, are you all right?”

Narinig niya ang tanong na iyon at alam niya na

galing iyon sa nakabanggaan niya, na obviously ay isang lalaki.

“Anong all right? Nakita mo namang—” tangka niyang pagtataray kasabay ng pagtataas ng tingin. Pero hindi niya iyon naituloy nang makasalubong ng mga mata niya ang mukhang nakatanghod sa kanya. *Oh, my God! Ang guwapo!*

“I’m sorry. Hindi kita napansin. Okay ka lang ba?”

Sa halip na sumagot ay napasapo sa pisngi si Amanda. *Oh, my God! Pati ang boses niya ang ganda!*

“Natapon na ’yung dala-dala mo,” puna nito.

Saka lang siya tila natauhan. “N-naku, hala! Ang mga suman!” Mabilis siyang kumilos para isa-isang damputin ang mga suman na nagkalat sa lapag. Nakidampot din ang lalaki.

“Tutulungan na kita. Oops! Malagkit pala itong mga ito.”

“O-oo, malagkit talaga ’yan kaya ako na lang ang dadampot.” At inagaw niya rito ang suman. Sa ginawa niyang iyon ay di-sinasadyang dumaiti ang dulo ng mga daliri niya sa palad nito. Doon pa lang ay parang nagtayuan na ang kanyang balahibo. *Diyos ko, ang lambot ng palad niya! Daig pa ang sa babae!*

Pero nahagip din ng mga daliri niya ang malagkit na likido na dumikit sa kamay ng lalaki. Nagpawis kasi ang suman dahil sa pagkakakulob sa pinagbalutan niyang cellophane. “N-naku, nadumihan ka na. Teka...” Dinukot niya sa bulsa ang dalang panyolito. “Heto, punasan natin ’yang kamay mo.”

“Hey, you don’t have to do that,” anito na nagulat sa ginawa niya.

“Hindi, okay lang.” Ibinalik ni Amanda ang mga suman sa basket saka hinawakan nang tuluyan ang kamay ng lalaki para mapunasan iyon nang mabuti. “Ako naman ang may kasalanan, eh. Nagmamadali kasi ako, hindi ako tumitingin sa nilalakaran ko kaya nabangga kita. Pasensya na talaga.”

Napakibit-balikat na lang ang kausap niya. Nang mula sa isang panig ng pasilyo ay may biglang nagsalita.

“Amanda? Is that you?”

Sabay na napalingon ang dalawa.

2

“Yes, it’s you!” sabi ng babaeng lumapit kay Amanda.

Gumuhit ang malawak na ngiti sa mga labi ng dalaga. Nagawa niyang bitiwang ang kamay ng lalaki para harapin ang nakitang kakilala. “Tanya! Ikaw pala, natutuwa akong makita ka.”

“Me, too. How are you? I heard dito ka na magtatrabaho sa company namin.”

“Oo, totoo ’yon. Sinubukan kong mag-apply dito at tinanggap naman ako ng daddy mo. Ang saya-saya ko!”

“Talaga?” Tumangu-tango ito. “I’m happy for you, too.”

Ginantihan iyon ni Amanda ng hagikgik. “Palagi na ulit tayong magkikita.”

“Oo nga.” Ipinagpatuloy ni Tanya ang pagtango na sinamahan pa ng paghalukipkip.

“Magiging masaya ’yon, di ba? Just like the old days.”

“Just like the old days,” ulit nito saka nagkibit-

balikat. “Ano nga pala’ng ibig sabihin nu’ng eksenang nadatnan ko dito?” anitong sinulyapan ang lalaking nakabanggaan ni Amanda.

Saglit na napatutop siya sa bibig. “Kasi... may nabangga ako. Tinulungan niya akong magpulot ng suman. Eh, alam mo naman ang suman, malagkit kaya pinupunasan ko ’yung kamay niya.”

“Ganoon ba?” Muli nitong tiningnan ang lalaki. “Ang ganda ng eksenang ’yon, ah. Alam n’yo, this early, mayroon na agad akong napansin sa inyo because of that scene.”

“A-ano’ng napansin mo?”

“May chemistry kayong dalawa. It seems... bagay kayo sa isa’t isa.”

Parang sinilaban ang mukha ni Amanda sa narinig. Ano ba ang pinagsasabi ni Tanya? Paanong magiging bagay ang ganoon kaguwapong lalaki sa isang babaeng tulad niya... na hindi kagandahan?

“What are you talking about, Tanya?” pagre-react ng lalaki.

Ikinagulat iyon ng dalaga. “M-magkakilala kayo?”

“Of course. At ipapakilala ko rin kayo sa isa’t isa.”

Ikinawit ni Tanya ang braso sa braso ni Amanda saka iniharap sa lalaki. “Amanda, Dear, this is Clifford. Clifford Casas. Clifford, this is my dear friend Amanda Corporal.”

Sa kabila ng nangyari ay itinuturing ni Amanda na masuwerte siya sa araw na iyon. Hindi kasi lahat ng araw sa buhay ng isang babae ay puwede siyang makabangga ng isang lalaki na hindi lang sobrang guwapo kundi mukha ring mabait. Imagine, tinulungan pa siya nitong magpulot ng suman at nang ipakilala siya rito ni Tanya ay nakipagkamay pa sa kanya? Kung ibang lalaki marahil ay baka nagalit pa sa kanya dahil sa kanyang pagbangga.

Ganoon kasi ang madalas na nangyayari. Dahil hindi siya maganda ay madalang pa sa patak ng ulan sa tag-araw kung may maka-encounter siyang lalaki na magpapakita sa kanya ng pagiging gentleman. Pero ang isang iyon ay iba. Parang gusto niyang kiligin sa tuwing maaalala niya ang nangyari.

“Bakit ngumingiti ka diyan mag-isa?” tanong ng empleyadang nasa katabing mesa na nakapansin sa lihim niyang pagngiti-ngiti.

“Ah, w-wala, may naalala lang ako,” sagot niya

kasabay ng paiwas na sulyap dito.

“Alin? ’Yung nangyari sa iyo kanina doon malapit sa office ng chairman?”

Nagulat siya. “N-nakita mo ‘yon?”

“Nandoon ako kanina, may inihatid ako sa opisina ng president.”

“G-ganoon ba? Naku, nakakahiya talaga ’yon!”

“Ayos lang ’yon, hindi ka pa naman kilala rito, eh. Saka si Sir Clifford ’yung nabangga mo. Sana nga ako na lang ang nandoon sa lugar mo kanina, eh.” At nagpakawala ng pilyang ngiti ang kaopisina niya na nagpakilala sa kanya kanina bilang si Agnes.

Napangiti muli si Amanda. Siguro nga, kahit sinong babae nang oras na iyon ay maiinggit sa kanya. “Ah, s-saang department pala dito nagtatrabaho ’yung lalaking ’yon?” Kanina pa niya iyon gustong malaman.

“Ano ka ba, hindi ’yon dito nagtatrabaho. May sariling kompanya ’yon.”

“Sariling kompanya? Ibig sabihin... mayaman din siya?”

“Bakit, hindi ba obvious?” Ito naman ang natawa.

Nagkibit-balikat siya. Mukha nga naman talagang

mayaman ang lalaking iyon, pero inakala niya na may mataas lang iyong posisyon sa *Nadal Navigation*. “Ganoon ba? Akala ko dito din siya nagtatrabaho kasi... nandito na siya nang ganoon kaaga.”

“Hinativid niya lang siguro dito si Ma’am Tanya.”

“Hinativid?” ulit niya.

“Di ba ipinakilala siya sa iyo ni Ma’am Tanya? Hindi ba binanggit na... engaged to be married na sila?”

Sa pagkakataong iyon ay bahagyang napanganga si Amanda. Hinaplos ng kung anong disappointment ang kanyang dibdib na sinubukan man niyang balewalain ay hindi niya nagawa. Tama si Agnes, hindi nabanggit ni Tanya na fiancé pala nito ang lalaking nakabangga niya.

“So, what can you say about her?” nakangiting tanong ni Tanya kay Clifford na kausap nito sa cell phone. Nasa opisina ito ni Manuel at nakade-kuwatro habang nakaupo sa swivel chair sa likuran ng mesa ng ama.

“Ano ba’ng gusto mong sabihin ko tungkol sa kanya?” balik niya na nagmamaneho ng kotse

papunta sa sariling opisina. Alam niya na ang babaeng nakabanggaan ang tinutukoy ng kausap.

“That she’s pretty.”

Napangiwi ang binata. Paano niyang sasabihin iyon samantalang hindi naman ganoon ang nakita niyang hitsura ni Amanda Corporal? Mahaba nga pero buhaghag at dry ang buhok nito. Sa unang tingin ay mukha itong tutubi dahil sa laki at kapal ng salamin sa mata. At hindi rin maiwasang pansinin ang manipis na balahibo sa ibabaw ng upper lip ng babae na animo ay mayroon itong bigote, gayundin ang mga kilay na sa kapal ay halos magdugtong na. Idagdag pa ang wala sa panahong pananamit nito. Naisip niyang nanay lang siguro ni Amanda Corporal ang magsasabing maganda ito.

“Come on, papaniwalain mo ang sarili mo na maganda siya,” patuloy ni Tanya. “Kung hindi, mahihirapan kang ligawan siya.”

“Talagang seryoso ka sa gusto mong ipagawa sa akin?”

“Of course. Wala ka pa rin bang balak na pagbigyan ako?”

Umiling si Clifford. Ngayong kilala na niya si Amanda Corporal ay hindi siya makapaniwala na

may ganoon kalaking insecurity rito ang kanyang nobya. Naalala tuloy niya ang mga sinabi ni Tanya nang usisain niya rito kung sino ba talaga si Amanda.

“Totoong matalino siya, pero matalino rin naman ako. Ang nakakainis, pinag-aral siya ni Daddy sa school na pinapasukan ko noong high school kami. It was so embarrassing dahil dikit siya nang dikit sa akin, eh, alam ng friends ko na anak lang siya ng labandera namin.

“Tapos lagi niyang sinasabi kay Daddy ang mga ginagawa ko. Lagi akong grounded habang siya ang laging pinupuri dahil matataas ang grades niya at kahit transferee ay nakapuwesto siya sa honor roll. At ako pa ang napatalsik niya doon.

“Laging sinasabi ni Dad noon, bakit hindi raw ako gumaya kay Amanda na bukod sa likas na matalino, masikap pa, mabait at matinong estudyante.” Umiingos si Tanya habang ikinukuwento iyon. “Napakasipsip niya. Lahat ay ginagawa niya para mapansin siya, palibhasa walang masyadong pumapansin sa kanya dahil sa kapangitan niya. Hiyang-hiya talaga ako noon tuwing makikita kami ng mga tao na magkasama, pero wala akong magawa dahil iyon ang gusto ng daddy ko—ang maging close kami para daw mahawa ako ng pagiging mabait at matinong estudyante. Ang

nakakainis pa, tuwing magkasama kami, mas madalas pa siyang napupuri kapag ang pinag-uusapan ay academic excellence.”

Iyon lang. Sa mababaw na dahilang iyon ay nagtanim si Tanya ng malalim na pagkainis sa babaeng iyon at ngayon ay gusto nitong gantihan at saktan si Amanda sa pamamagitan niya. Pero bukod doon ay may iba pang dahilan ang kanyang nobya sa gusto nitong mangyari.

“Ngayon bumabalik na naman siya. Dumidikit uli siya sa family ko. Kapag hinayaan ko siya, siguradong magpapalakas na naman siya kay Dad. Baka kapag tumagal ay bigyan siya ni Daddy ng mas mataas pang position sa kompanya. I cannot allow that to happen. Never!” Napapatiim-bagang pa si Tanya habang sinasabi ang mga iyon.

“Bakit hindi mo na lang sabihin sa dad mo na ayaw mong nasa kompanya n’yo ang babaeng iyon?” suggestion niya, na ikinairita lang lalo ng kasintahan.

“Do you think Dad will listen to me? He was so impressed with her then at siguradong ngayon na nakatapos na siya ng pag-aaral, mas lalong hahanga sa kanya si Daddy. Kapag nakapag-perform siya nang maganda sa company, mas lalo pang hahanga sa kanya ang daddy ko. At iyon ang ayokong mangyari

kaya dapat mawala siya sa company namin, sa buhay namin, at sa landas ko sa lalong madaling panahon.”

“Kung naiinis ka sa babaeng iyon, bakit maganda ang pakikiharap mo sa kanya?” tanong ni Clifford na na-curious sa nakitang pakikipag-usap ng nobya kay Amanda ilang sandali pa lang ang nakakaraan. “Why don’t you just show her how you really feel about her? Baka sa ganoong paraan ay kusa na siyang lumayo sa landas mo at sa pamilya n’yo.”

“Hindi ko puwedeng gawin ’yan dahil kapag nalaman iyon ni Daddy ay ako ang mapapasama. Besides, sa dami ng atraso sa akin ng buwisit na iyon, mas gugustuhin kong lumayo siya sa landas ko nang gumagapang, bruised, beaten, heartbroken. Sa ganoong paraan, hindi na siya magpapakita sa akin kailanman at hindi na siya mabibigyan ng kahit anong favor ni Daddy.”

“You’re acting like... she’s a threat to you,” aniya habang papasok ang kotseng minamaneho sa space na nakalaan sa kanya sa parking area ng kanilang opisina. “She seems to be so fragile. Anong masama ang puwede niyang magawa sa iyo?”

“Hayan ka na naman sa mga tanong mo, Clifford.” Halata sa boses na naiirita na naman si Tanya. “Sabihin mo nga sa akin, once and for all,

kung pagbibigyan mo 'ko sa gusto kong mangyari o hahanap na lang ako ng iba na gagawa niyon para sa akin.”

Sa puntong iyon ay napabuntong-hininga ang binata. Kapag nagpapakita na ng ganoon si Tanya ay wala na siyang magawa kundi ang tumahimik. Hindi dahil takot siya sa babae kundi dahil kaagad na pumapasok sa isip niya ang inang si Suzette, ang mga kapatid na sina Marianne at Zoey at ang paghihirap na dadanasin ng mga ito sakaling tuluyang bumagsak ang kanilang kabuhayan.

Isang linggo nang nagtatrabaho si Amanda bilang empleyada ng *Nadal Navigation* nang yayain siya ni Tanya na mag-dinner.

“So, kumusta naman ang trabaho? Komportable ka ba?” tanong ng huli matapos sumimsim ng alak. Iyon ang una nitong in-order. Inalok siya nito pero nang tanggihan niya ay hindi naman ito nagpilit.

“Okay lang at oo, komportable naman ako,” sagot niya.

“That’s good. You should be comfortable dahil mataas agad ang position na ibinigay sa iyo ng daddy ko. Malakas ka talaga sa kanya. Alam mo ba

na 'yung ibang baguhang employees ng company ay nagsisimula muna sa mababang position regardless of their credentials. Pero ikaw, assistant agad ng head ng Finance Department. Kapag nag-retire na nga daw si Mrs. Ana Mendoza, there's a possibility na ikaw ang papalit sa position niya."

"Naku... hindi ko iniisip 'yan sa ngayon. Ang importante lang naman sa akin ay makapagtrabaho. At magtatrabaho ako nang mabuti para hindi pagsisihan ng daddy mo ang pagtanggap niya sa akin."

"You mean, in case na i-offer ni Dad sa iyo ang position na iiwan ni Mrs. Mendoza, tatanggihan mo?"

Alanganin ang sagot niya. "Eh, ewan ko lang. Mahirap sagutin 'yan sa ngayon."

Lihim na umingos si Tanya, pagkuwa'y nagkibit-balikat.

"Knowing how impressed Dad is with you eversince, well, hindi imposibleng ibigay niya talaga sa iyo ang position na iyon. You're lucky, Amanda. Palagi kang sinusuwerte sa tuwing madidikit ka sa pamilya namin."

Dahil itinuturing na kaibigan ang nagsalita ay hindi niya binigyan ng masamang kahulugan ang sinabing iyon ni Tanya. "Kaya nga nagpapasalamat

talaga ako sa inyo ni Sir Manuel. Kami ni Mama, hanggang ngayon ay tinatanaw naming malaking utang-na-loob ang lahat ng naitulong n'yo sa amin. Habang-buhay namin kayong pasasalamatan doon.”

“Well, hindi pa tapos ang suwerte mo. Fact is, 'yung iba'y nagsisimula pa lang.”

Kumunot ang noo ni Amanda. “Ano'ng ibig mong sabihin?”

“Hindi mo ba napapansin kung bakit kanina pa tayo rito, pero hindi pa rin ako umo-order ng food?”

Napangiti siya kasabay ng pagkibit-balikat. “Ang totoo, napansin ko nga.”

“Dahil hindi lang ako ang makakasalo mo ngayon.”

“Ha?”

Umayos ng pagkakaupo si Tanya. “Do you remember your first day in office? 'Yung nangyari n'ung umagang iyon malapit sa office ni Dad?”

Napatungo nang bahagya si Amanda. Dahil sa nalamang kaugnayan ni Tanya sa lalaking nakabangga niya nang araw na iyon ay sinikap niyang bale-walain na ang kilig na naramdaman niya noon. Pero paano niya makakalimutan sa loob lang ng ilang araw ang

ganoong pangyayari?

“Siyempre, naaalala ko ’yon. Bakit?”

“What can you say about Clifford? Isn’t he gorgeous?”

Dios Mio! Sobra pa siya sa gorgeous, ’no! gusto niyang ibulalas pero pinigil niya ang bibig at lihim na ipinaalala sa sarili na sa katulad niyang ‘hindi kagandahan’ ay nakakatawa ang magpakita ng grabeng attraction sa isang guwapong lalaki, lalo na kung ang lalaking iyon ay fiancé na ng isang babaeng kasing-ganda ni Tanya. “Ah, o-oo. Guwapo siya. At mukhang mabait.” Bagay kayo, naisip niyang mukhang dapat niya iyong idugtong, kaya nga lang ay kung bakit tila masakit sa kalooban na sabihin iyon.

“Sa tingin mo ba, puwede kang magkainteres sa kanya?”

Mabilis siyang nagtaas ng tingin sa narinig na sinabi ng kaharap.

“Alam mo kasi, interesado siya sa iyo,” deklarasyon nito.

Lalo siyang napamaang. Ano ba ang sinasabi nito?

“Bakit mukhang gulat na gulat ka? Clifford is

single. At ikaw din naman. Hindi nakakapagtakang magkainteres siya sa iyo at ganoon ka rin sa kanya, right?”

“P-pero... hindi ba, fiancé mo siya at ikakasal na kayo?”

Sandali itong natigilan. “Who told you that?”

“Y-yung mga tao sa opisina.”

Sumimsim muna muli ng alak ang babae bago nakangiting nagpatuloy. “Actually, totoo ’yon. May relasyon kami ni Clifford at nagplano kaming magpakasal. But that was *before*. We decided to call it off at maging magkaibigan na lang. Hiwalay na kami pero hindi pa namin ’yon nasasabi sa iba, kaya siguro ganoon pa rin ang sinabi sa iyo ng mga tao sa office,” palusot nito.

Inignora ni Amanda ang tila haplos ng kasiyahan na dumampi sa dibdib niya. Pero hindi niya napigil ang sarili na magpakita ng interes sa narinig. “Bakit naman kayo naghiwalay? Sayang naman, bagay kayo.”

“Simple lang. We’re not compatible as lovers. We’re better off as friends. Sa tingin mo ba kung may relasyon kami, sasabihin niya mismo sa akin na interesado siya sa iyo at hihilingin niya sa akin na...

yayain kita dito ngayon?”

Napalunok si Amanda. “S-sinabi niya sa iyo na... interesado siya sa akin?”

“Yup!”

“At... hiniling niya sa iyo na yayain mo ’kong mag-dinner ngayon?”

“Uh-huh!”

Umiling siya nang maraming ulit. Napakaimposible ng sinasabi ni Tanya, kaya naisip niya na marahil ay ginu-goodtime siya nito. Ugali rin nitong gawin ang ganoon sa kanya kahit noong nakatira pa sila ng ina niya sa bahay ng pamilya nito. Madalas siyang papaniwalain nito sa bagay na sa huli ay lalabas na hindi naman pala totoo at saka nito sasabihing nakakatawa siya.

Kinuha ng babae ang cell phone mula sa mamahalin nitong bag saka tumawag. Narinig pa ni Amanda ang sinabi nito.

“What are you waiting for? Pumasok ka na dito sa restaurant at nang maniwala naman itong kaibigan ko sa mga sinasabi ko.”

Matapos iyon ay nakangiting muli siyang tiningnan ni Tanya. Nainis si Amanda dahil alam

niyang hindi kayang itago ng kanyang mukha ang tension na nararamdaman niya ngayon. Hindi niya maiwasan iyon dahil sa pagtatalo ng isip kung totoo ba ang mga sinasabi nito o hindi. Kung sakali ay ano ang kanyang gagawin? Paano siya haharap, lalo na ang kumain na kasalo ang lalaking iyon? Hindi ba ito nahihiyang makita itong kasalo sa ganoon kagandang restaurant ang isang katulad niya?

Sa puntong iyon ay parang gusto niyang mainis kung bakit hindi siya naging maganda. Pagdating talaga sa ganoong bagay, napakababa ng self-esteem niya.

Pero ano ba'ng pinag-iisip mo, Amanda? usig niya sa sarili. Jino-joke ka lang ni Tanya. Mamaya tatawanan ka niya. Huwag mong ipakitang kumakagat ka sa panggu-goodtime niya. Hindi ka na bata na gaya ng dati. Matanda ka na.

Nagtaas siya ng tingin para kontrahin nang pabiro ang mga sinabi ng kausap. Hindi siya sasakay sa plano nitong pagkatuwaan siya. Pero hindi na siya nakapagsalita nang isang lalaki ang tumayo sa tabi ng mesang kinaroroonan nila. At iyon ay walang iba kundi... si Clifford.

“Hi! Would you mind if I join you?” nakangiting tanong nito na sa kanya nakatingin.

Falling For Amanda - Anna Chavez

Muli ay napalunok si Amanda kasabay ng tila biglang pagsisikip ng kanyang paghinga.

3

Hindi alam ni Amanda kung paanong natapos ang gabing iyon. Nasa bahay na siya ay parang lumulutang pa rin siya sa alapaap.

“Hay, nakakainis ka, Amanda!” asik niya sa sarili pagkapasok ng kuwarto. Sinapo niya ng dalawang palad ang magkabilang pisngi na hanggang ngayon ay tila nag-iinit pa rin. “Minsan lang mangyaring may isang lalaking gustong makasalo ka sa dinner ’tapos hindi mo pa na-enjoy. Ano ba’ng pinaggagagawa mo kanina? Paano kung ma-turn off siya sa iyo at hindi ka na ulit ayaing lumabas? Sira ka talaga!”

Nang di-sinasadyang mapadako ang tingin niya sa dresser sa bandang paanan ng kanyang kama. Saglit siyang natigilan. Lumapit siya at naupo sa harap ng salamin na naroon saka tinitigan ang sarili. Inalis niya ang makapal na salamin na tumatabing sa mga mata saka hinagud-hagod ang buhaghag na buhok, pati na ang makakapal na kilay na hindi niya sinusubukang bawasan man lang at kortehan.

Naalala niya noong nasa high school pa siya. Nainggit siya sa mga classmates niya na sa murang edad ay tambak na ng makeup ang mga mukha at

ang mga kilay ay parang iginuhit na lang ng lapis. Nagagandahan siya sa mga iyon noon at minsan ay sinubukan niyang gayahin. Kinortehan din niya ang kanyang mga kilay, pero nang nakita iyon ng kanyang mama ay sobra siyang kinagalitan. Masasakit ang sinabi nito noon, pero ang pinakamatindi ay iyong kahit ano raw ang gawin niya ay hindi na magbabago pa ang kanyang hitsura, kaya wala siyang karapatan na lumandi nang ganoon kaaga.

Noong una ay nagtataka si Amanda kung bakit ayaw ng mama niya na mag-ayos siya ng sarili. Parang masaya itong makita siyang pangit at kakaiba sa karaniwang babae. Naging ugat iyon ng ilang pagkakataon ding hindi nila pagkakasundo. Pero bandang huli ay sumuko rin siya, naisip na siguro ay makatotohanan lang talaga ang mama niya at tama ito na tangkain man niyang mag-ayos ay wala ring mangyayari. Hindi pa rin magbabago ang katotohanan tungkol sa kanyang hitsura.

Dismayadong napailing si Amanda habang nakaharap pa rin sa salamin. Hindi niya kailangang kumilos ng kakaiba para ma-turn off si Clifford at hindi na siya muling yayaing lumabas. Sa hitsura pa lang niya ay matu-turn off na ito. Ano ba kasi ang nasa isip niya at inaasam-asam pa niyang maulit sana ang dinner na iyon? Nang sila lang at wala si Tanya.

Hay! Magising ka sa katotohanan, Amanda, aniya sa sarili saka iniwan ang salamin.

Nang ganoon kaaga ay para na nga siyang nag-iilusyon na may malalim na patutunguhan ang pagkakakilala nila ng Clifford Casas na iyon. Kapag nalaman iyon ni Clemencia ay siguradong makakagalitan siya. Kaya nang oras na iyon ay nagdesisyon siya na titigilan na ang kaiisip sa lalaking iyon. Ang ganoon kaguwapo at mayamang lalaki ay hindi para sa kanya. Kung anuman ang rason at hiniling niyon kay Tanya na makasalo siya sa dinner ay hindi na niya aalamin pa.

Kumuha siya ng pantulog sa cabinet at magpapalit na sana ng damit nang biglang tumunog ang message alert tone ng kanyang cell phone. Number lang ang nakita niyang nag-register doon na pinanggalingan ng mensahe. Mensaheng ikinagulat niya nang kanyang mabasa...

This is Clifford. Thanks for the wonderful evening. I hope it won't be the last. Good night.

Ayaw man niya ay bumalik ang kilig sa dibdib niya pati na rin ang pag-iinit ng kanyang mukha. Paanong nalaman ni Clifford ang number niya? Siguro ay ibinigay ni Tanya.

Hindi siya makapaniwala na iti-text siya nito. Ini-save niya ang number nito sa phonebook ng kanyang cell phone.

“Totoo ba ’yon?” tanong ni Agnes isang umaga nang nakaupo na si Amanda sa kanyang puwesto.

“Ang alin?” balik-tanong niya.

“Na anak ka ng dating labandera ng mga Nadal at paaral ka ng chairman?”

“Saan naman nanggaling ang impormasyon na ’yan?”

Sumandal ito sa backrest ng inuupuang swivel chair. “Well, kung pagbabasehan ang mga nakaraang pangyayari sa kompanyang ito, sa tingin ko ang chismis ay nanggaling kay Johanna.”

“Sino si Johanna?”

“Ang mahadera’t intrimitidang dakilang alalay ni Miss Tanya.”

“Alalay ni Tanya?” ulit niyang may pagtataka.

“Nagulat ka ba na ang image model ng kompanya na wala namang ginawa kundi mag-pose nang kaliwa’t kanan suot ang kanyang mga kakarampot

na damit, eh, may alalay pa? Ang totoo, clerk sa Marketing Department si Johanna. Pero kilala siya sa buong kompanya bilang alalay ni Miss Tanya dahil napakasipsip niya sa anak ng chairman.”

Umiling si Amanda. “Pero hindi ko naman siya kilala, paano niyang nalaman ang mga information na iyon tungkol sa akin?”

“Baka nabanggit ni Miss Tanya. Puwede ring kusang sinabi sa kanya ni Miss Tanya dahil alam niyang si Johanna ang pinakamabilis na paraan para kumalat ang isang balita sa loob ng kompanya.”

Natawa siya nang bahagya. “Bakit naman gugustuhin ni Tanya na kumalat ang ganoon tungkol sa akin?”

“Para gawing miserable ang buhay mo. Dahil ngayong alam na ng lahat na anak ka ng dating labandera ng mga Nadal ’tapos ikaw ang nakaambang pumalit sa position na maiiwan ni Ma’am Ana kahit pa baguhan ka dito...” Luminga ito at ininguso ang mga kaopisina. “Pag-iinitan ka ng mga inggiterang ’yan, kaya mag-iingat ka.”

Hindi naiwasan ng dalaga ang kabahan, lalo na at nahuli niyang nakatingin nang matalim sa kanya ang isang kaopisinang si Cecil. Umirap pa ito nang

magtagpo ang kanilang mga mata.

“Hindi naman gugustuhin ni Tanya na mapaginitan ako dito. Kaibigan ko siya, eh,” sabi niya.

“Kaibigan mo?” Si Agnes naman ang tumawa. “Eh, di lalo na. Baka dumating ang time na hindi lang ang position ni Ma’am Ana ang mapunta sa iyo kundi pati na ’yung kay Johanna.”

“Ang pagiging clerk sa Marketing Department?”

“Hindi. ’Yung pagiging dakilang alalay ni Miss Tanya. Siguradong ganoon ang iisipin ng marami kapag nalaman na kaibigan mo ang anak ng chairman. Dahil iyon din ang madalas ipangalandakan ni Johanna.”

Napabuntong-hininga si Amanda. Mukhang mararanasan na naman niya ang mga problemang dati niyang dinanas sa mga unang trabahong kanyang napasukan. Ano ba talagang mayroon siya at bakit sa lahat ng pagtrabahuhan niya ay nagkakaroon siya ng hindi pagkakaintindihan sa mga kasamahan?

Doon sa bangko na una niyang napasukan, unang araw pa lang ay nakainitan na siya ng isang kaopisina dahil lang sa maliit na bagay. Halos tatlong buwan lang ang itinagal niya roon. Ganoon din ang nangyari sa apat pa niyang naging trabaho. Masuwerte nang

inabot siya ng isang taon doon sa local call center. Umalis siya dahil hindi na niya ma-take ang paulit-ulit na naririnig niyang sana ay naging boses na lang siya dahil iyon lang ang maganda sa kanya at hindi iyon nakikita. Tanggap naman niya mula't sapul na hindi siya kagandahan pero siyempre, masakit pa rin ang katotohanan.

“Delivery!”

Napalingon ang lahat ng nasa opisina iyon sa lalaking sumungaw sa pintuan. Kaagad na napatayo si Cecil nang makita ang dala nitong pumpon ng bulaklak.

“Wow! Ang ganda naman ng bouquet of roses na 'yan! Para sa akin ba 'yan?” Kinilig ito. “Naku, s'abi ko na nga ba at hindi ako matitiis ng asawa ko. Pagkatapos naming mag-away kagabi at pinadalhan niya ako ng flowers as peace offering.”

“Hep, hep! Paano mo namang nasabing para sa iyo 'yan?” pigil ng isa pang kaopisina nila na si Mariz nang akmang kukunin ni Cecil ang bulaklak mula sa delivery boy. “Ang mahal kaya ng ganyan kalaking bouquet. 'Tapos puro pink roses pa. Naku, I'm sure, para sa akin 'yan. Anniversary namin ng sweetheart ko ngayon. Nagtatampo nga ako dahil akala ko nakalimutan niya, eh. Ngayon, wala na'ng

tampo ko. Hay, ang sweet talaga niya.”

Nailing na ibinalik ni Amanda ang atensyon sa mga papeles na nasa ibabaw ng kanyang mesa. Pero mayamaya ay bigla rin siyang nagtaas ng tingin nang marinig ang kanyang pangalan.

“Mga Ma’am, isa po ba sa inyo si Miss Amanda Corporal?” tanong ng delivery boy.

Nawala ang ngiti sa mga labi ng dalawang babae.

“Hindi. Siyempre, hindi,” matigas na tanggi ni Mariz. “Bakit? Huwag mong sabihin na...”

“Para po sa kanya ang mga bulaklak na ito. Sino po siya?”

Namimilog ang mga matang napatingin si Amanda sa pumpon ng mga bulaklak habang napataas namang lahat ang kilay ng mga kasamahan niya sa opisina.

Malakas ang kabog ng dibdib ni Amanda. Nanginginig pati mga kamay niya habang binubuklat ang card na kasama ng roses. Pagkatanggap niya sa mga iyon ay mabilis siyang tumakbo papunta sa comfort room para iwasan ang nanunuring mga tingin ng mga kaopisina.

Sino ang magpapadala ng bulaklak sa kanya? Sa isang katulad niya?

May idea naman siya kung kanino posibleng nanggaling ang mga bulaklak. At hindi siya nagkamali nang mabasa ang nakasulat sa card.

For the most wonderful woman I've ever met.

Clifford

Hindi siya makapaniwala. Isang beses pa lang silang pormal na nagkaharap ni Clifford ay siya na ang pinaka-wonderful na babaeng nakilala nito?

Kung paano man, hindi iyon kayang pag-isipan ni Amanda nang oras na iyon dahil okupado ang isip at puso niya ng kilig na nararamdaman. Ang bulaklak na iyon ay ebidensya na totoo ang sinabi ni Tanya na interesado sa kanya ang lalaki. Ano bang himala ng langit ang dumapo sa kanya at nagkainteres sa kanya ang isang gaya ni Clifford?

Hindi niya napigilan ang sarili na amuy-amoyin ang mga rosas. Pagkagaganda ng mga iyon. Itinapat din niya sa kanyang puso ang card na kasama niyon. Nasa ganoon siyang ayos nang mapasukan siya ni

Agnes sa comfort room. Mabilis siyang umayos ng tayo.

“May boyfriend ka pala, Amanda?” anito.

“Ha? Ah, w-wala. Wala akong boyfriend,” tanggi niya.

“Wala? Eh, kanino galing ’yang mga bulaklak?”

“Ah, s-sa... kaibigan lang.”

“Kaibigan? Baka manliligaw?” Tinangka nitong silipin ang nakasulat sa card pero itinago niya iyon. Umingos ito. “Ito naman. Ano ba kung makita ko kung ano’ng nakasulat diyan sa card? Bakit, kilala ko ba’ng nagpadala sa iyo ng bulaklak?”

Oo naman, kilala mo, muntik na niyang maisagot. Maraming nasabi si Agnes sa kanya tungkol kay Clifford noong nakita nitong nakabanggaan niya ang lalaki. Ito rin ang nagsabi na fiancé ni Tanya ang binata at hanggang ngayon ay iyon ang alam ng lahat doon. Baka kung ano pa lalo ang isipin sa kanya ng mga katrabaho kapag nalaman na ang inaakala nilang boyfriend ng anak ng chairman ang nagpadala sa kanya ng mga bulaklak. Tiyak na magiging tampulan siya ng usap-usapan sa buong kompanya.

Kinuha niya mula sa bulsa ang kanyang cell

Falling For Amanda - Anna Chavez

phone. Sa saya na idinulot sa kanya ng mga bulaklak ay marapat lang na pasalamatang niya ang nagpadala niyon.